BAGO-PRIMARYA

Public education
**Discover a world of opportunities**

# PAGBASA: PAG-AARAL SA TAHANAN

## MGA YUGTO NG PAGBASA

Ang iyong anak ay magdaraan sa iba-ibang yugto habang siya ay natututong bumasa. Tandaan na ang mga bata ay natututo sa ibat-ibang mga paraan at tulin, kaya maging matiyaga at laging palakasin ang loob ng iyong anak sa kanyang mga pagsisikap.

**Basahin ang mga talagang nakakalibang sa iyong anak upang siya ay matutong magkahilig bumasa.**

### Mga mambabasang may ginagampanang papel

Habang lumalaki at umuunlad ang inyong anak, sisimulan niyang magustuhan ang mga aklat at mga salitang nakikita sa kanyang paligid.

Maaaring magsimula siyang gayahin kayo sa tamang paghawak ng aklat, maingat na pagbuklat ng mga pahina at pagkukunwaring magbabasa gamit ang mga larawan at ang kanyang memorya upang isalaysay muli ang mga kuwento. Natututunan din niyang malaman ang pagkakaiba ng harapan at likuran ng isang aklat, mauunawaan na ang mga salita at mga litrato ay magkaiba, at ang mga nakalimbag na salita ay naglalaman ng mga mensahe.

Masusuportahan ang iyong anak sa pamamagitan ng:

- pagbabasa na kasama niyo siya araw-araw
- pagpapasigla at pagpupuri sa anumang pagsisikap niyang pagkukunwaring bumasa
- pagpapakita sa kanya na ang mga larawan ay nakakatulong sa pagsasalaysay ng kuwento
- paulit-ulit na pagbasa sa kanyang mga paboritong kuwento – ang pagpapalagayan- loob ay nagbubuo ng pagtitiwala
- iwasan ang pamimintas sa kanya kapag siya ay nagkakamali – kailangan ang sapat na panahon para matutong bumasa!

### Mga nagsusubok na bumasa

Sa yugtong ito, madalas na nagbabasa ang iyong anak sa pamamagitan ng pagtingin sa mga larawan at paggamit ng natatandaan sa isang kuwento. Nakikilala rin niya ang ilang mga salita, nguni't ang kanyang pokus ay hindi sa tamang pagbasa ng bawat salita kundi sa kahulugan ng nakasulat na salita.

Masusuportahan niyo ang iyong anak sa pamamagitan ng:

- kasama siya sa araw-araw na pagbasa
- paghimok sa kanya na subukang magbasa at pagpuri ng kanyang mga pagsisikap
- pag-usapan ang mga tunog, salita at mga kawili-wiling bahagi ng mga aklat at sa ibang mga nakasulat gaya ng mga label, mga listahan ng bibilhin at mga pahayagan
- pag-uusapan ang mga tauhan sa aklat at mga banghay ng mga kuwento.
- pagpapalakas sa kanyang loob na magpahayag ng kanyang palagay tungkol sa mga nangyari sa isang kuwento
- patuloy at paulit-ulit na pagbasa ng kanyang mga paboritong kuwento

**Isara ang telebisyon. Mas madaling magpukos ng pag-iisip ang iyong anak kung walang mga nangangambala.**

Department of
**Education**

**Matutunghayan ang marami pang mga pahina ng pag-aaral sa tahanan sa education.wa.edu.au**

© Department of Education, Western Australia, 2015